

Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro at mga Paglalarawan				
Serbisyong iniaalay ng Panrehiyong Sentro	Paglalarawan ng Serbisyo	Edad 0-3	Mga Serbisyo sa mga Bata	Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang
Mga Pang-araw na Sentro ng Nasa Hustong Gulang/Mga Programa	Maraming mapipiling puntahan sa araw ang mga gumagamit na nasa hustong gulang. Sa mga programang ito, ang mga gumagamit na nasa hustong gulang ay natututo ng mga bagong kasanayan, nakikisalamuha, at ang kanilang mga pangangailangan ng pangangalaga ay tinutugunan. Ang ilan sa mga programang ito ay maaaring may espesyalidad sa iba't ibang mga pangangailangan ng pangangalaga tulad ng: -Pagsasama sa komunidad -Malilikhaing Sining -Mga pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan -Naililipat na mga programa sa loob ng bahay -Pagboluntaryo			✓
Mga Serbisyong Pamamahala ng Asal	Mga serbisyong nagkaloob ng iba't ibang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan upang tugunan ang mga hamon sa asal sa iba't ibang kapaligiran. Para sa ilan sa mga serbisyong ito ang mga pangunahing pinagkukunan ng pagpopondo ay Medi-Cal o pribadong seguro.	✓	✓	✓
Suporta sa Kliyente/Magulang/Pagsasanay ng Pamamagitan sa Asal	Mga serbisyo upang sanayin ang sistema ng suporta ng mga gumagamit na tumutulong sa gumagamit sa pagpapahusay ng kanyang asal.	✓	✓	✓
Pasilidad/Kama ng Pagmamagitan sa Krisis	Pansamantalang 24-na-oras na paggamot sa tahanan para sa mga gumagamit na nasa krisis.		✓	✓
Pangkat sa Krisis - Pagtaya at Pamamagitan Pang-asal	Mga pangkat ng suporta sa krisis na kayang magpakilos sa komunidad kapag ang isang gumagamit ay nasa maikling-panahon na krisis na pang-asal.		✓	✓
Mga Serbisyong Pang-araw na Pag-aalaga	Mga serbisyong kayang magkaloob ng pinangangasiwaang pang-araw ng pag-aalaga sa mga gumagamit Ang panrehiyong sentro ay maaari lamang magbayad sa gastos sa serbisyong pang-araw na pag-aalaga na humihigit sa halaga ng pagkaloob sa mga pang-araw na serbisyo sa isang bata na may kaparehong edad na walang mga kapansanan. Ang panrehiyong sentro ay maaaring magbayad nang higit sa halagang ito kapag ang isang pamilya ay kayang magpakita ng isang pinansiyal na pangangailangan sa tahanan ng pamilya.	✓	✓	✓

Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro at mga Paglalarawan				
Serbisyong iniaalay ng Panrehiyong Sentro	Paglalarawan ng Serbisyo	Edad 0-3	Mga Serbisyo sa mga Bata	Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang
Matibay na Kagamitang Medikal	<p>Espesyal na kagamitang medikal at mga suplay na kaugnay ng paggamot para sa mga pangangailangan ng pangangalagang medikal ng mga gumagamit. Sa mga produktong ito ay maaaring kasama ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> -Mga diaper -Salaming sa mata at mga suplay sa pandinig -Kagamitan sa mobilidad tulad ng mga walker at silyang may gulong -Mga suplay para sa pagkain -Aparatong suporta sa paa at artipisyal na sangang pangkatawan -Kagamitan sa pagposisyon at pag-aagpang 	✓	✓	✓
Maagang Nagsisimula na mga Serbisyong Panlunas	Mga serbisyong nakapokus sa mga pangangailangang panlunas ng mga batang edad 0-3 taon.	✓		
Mga Programang Pagtatrabaho	<p>Maraming serbisyong nagpopokus sa mga lugar ng pagtulong sa mga gumagamit na nasa hustong gulang sa pagkuha ng trabaho. May iba't ibang antas ng suporta upang matugunan ang mga pangangailangan sa pagtatrabaho ng gumagamit. Sa ilan sa mga serbisyong pagtatrabaho ay maaaring kasama ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> -Mga pang-araw na programa na nag-aalay ng trabaho at pagsasanay -Nakapokus na Grupo sa mga Serbisyong Pagtatrabaho -Ibinabagay sa Indibidwal na mga Serbisyong Pagtatrabaho 			✓
Ahensiya ng Tahanan ng Pamilya	Mga sertipikadong tahanan ng pamilya kung saan naninirahan ang mga gumagamit. Ang pamilya ay tumutulong sa mga gumagamit sa mga pang-araw-araw na pangangailangan ng pag-aalaga at isinasama sila sa mga pampamilyang aktibidad.			✓
Mga Programang Tumatangkilik na Lolo at Lola/Nakatatandang Kasama	Ang Programang Tumatangkilik na Lolo at Lola (Foster Grandparent Program, FGP) ay nagkokonekta ng mga gumagamit na nasa pampaaralang edad sa isang nakatatandang boluntaryo sa isang kapaligiran ng paaralan. Ang Programang Nakatatandang Kasama ay may pilosopiya at mga hangarin na tulad ng sa FGP; gayunman, ang mga Nakatatandang Kasama ay nagboboluntaryo upang magturo sa mga gumagamit ng panrehiyong sentro na 21 taong gulang o mas matanda.			✓
Mga Pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan	Mga pasilidad na nagkakaloob ng mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga at pangangalaga ng panloob na pasyente sa mga gumagamit na hindi makakayang mamuhay nang mag-isa o sa isang tahanan ng pag-aalaga dahil sa kalubhaan ng kanilang mga pangangailangan ng pag-aalaga.	✓	✓	✓

Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro at mga Paglalarawan				
Serbisyong iniaalay ng Panrehiyong Sentro	Paglalarawan ng Serbisyo	Edad 0-3	Mga Serbisyo sa mga Bata	Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang
Mga Suporta ng Kalusugan sa Tahanan	Mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na ipinagkakaloob sa tahanan ng isang gumagamit. Ang mga serbisyong ito ay maaaring kasama ang mga sumusunod: -Mga serbisyong gawaing-bahay -Tulong sa kalusugan sa tahanan -Mga serbisyong pag-aalaga	✓	✓	✓
Mga Serbisyong Suportang Pabahay	Ang mga serbisyo ay maaaring ipagkaloob sa mga gumagamit upang tulungan silang mamuhay nang independiyente. Sa ilan sa mga serbisyong ito ay maaaring kasama ang: -Mga Serbisyo para sa Kakayahang Gumamit -Pamamahala ng Pera -Mga Serbisyong Suporta sa Pagiging Magulang -Mga Serbisyong Pagkukumpuni		✓	✓
Itaas ang Kakayahang Gumamit ang Komunidad	Ang mga panrehiyong sentro ay makakatulong sa mga gumagamit na maging independiyente sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano magmaneho o tumulong sa pagbabago ng mga sasakyan upang umangkop sa kanilang mga pangangailangan. Ang ilan sa mga serbisyong ito ay maaaring kasama ang: -Mga Programang Pagsasanay ng Drayber -Mga Programang Pagbabago ng Sasakyan		✓	✓
Mga Serbisyo para sa Independiyenteng Pamumuhay	Pagsasanay para sa mga gumagamit upang matuto at magpahusay ng mga kasanayan sa buhay sa tahanan at komunidad. Ang mga serbisyo ay maaaring ipagkaloob sa tahanan ng gumagamit, tahanan ng pamilya o pasilidad na pantahanan.			✓
Mga Serbisyong Pagpapaunlad ng Sanggol	Mga serbisyong idinisenyo upang tumulong sa mga pangangailangan ng pagpapaunlad ng mga batang edad 0-5 taon.	✓	✓	

Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro at mga Paglalarawan				
Serbisyong iniaalay ng Panrehiyong Sentro	Paglalarawan ng Serbisyo	Edad 0-3	Mga Serbisyo sa mga Bata	Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang
Mga Espesyalista at Propesyonal na Medikal	Ang mga panrehiyong sentro ay nakikipagkontrata sa iba't ibang mga propesyonal na medikal upang tumulong sa mga espesyal na pangangailangan ng pangangalagang pangkalusugan ng mga gumagamit. Ang ilan sa mga espesyalistang ito ay maaaring kasama ang mga sumusunod: -Mga Audiologist/Optometrists -Mga Dentista -Mga Dietitian -Mga Tagapayo Tungkol sa Gene -Mga Nars -Mga Sikologo/Doktor ng Isip -Mga Siruhano/Manggagamot	✓	✓	✓
Pagsasanay para sa Mobilidad	Mga serbisyo upang tulungan ang mga gumagamit na matutong gumagamit ng pampublikong transportasyon sa kanilang komunidad. Ito ay makakatulong na itaas ang pagiging independiyente sa komunidad.			✓
Labas-ng-Tahanan na mga Serbisyon Pagbibigay ng Pahinga	Mga serbisyon nagkaloob ng pahinga mula sa mga pangangailangan ng pang-araw-araw na pag-aalaga ng isang gumagamit sa kanilang pamilya o tagabigay ng pag-aalaga. Ang pagbibigay ng pahinga ay nangyayari sa labas ng tahanan ng pamilya.	✓	✓	✓
Mga Serbisyon Pinag-uugnay ng Magulang	Espesyal na serbisyo na nagpapahintulot sa magulang ng isang gumagamit o pinagkakatiwalaang miyembro ng komunidad na pag-uugnayin ang mga serbisyo at mga tauhan upang matugunan ang pangangailangan ng pangangalaga ng gumagamit. Ang ilan sa mga serbisyon ito ay maaaring kasama ang: -Mga Suportang Pang-asal -Pag-aalaga ng may sakit -Personal na Pag-aalaga -Sinusuportahang Pamumuhay	✓	✓	✓
Sistema ng Pagtugon sa Personal na Emerhensiya	Mga serbisyon suporta sa emerhensiya para sa isang gumagamit 24-na-oras kada araw kung may isang krisis na medikal o sa kalusugan ng isip.	✓	✓	✓
Mga Serbisyon Kaugnay ng Gamot	Mga serbisyon nagpapahintulot sa mga panrehiyong sentro na bumili ng mga gamot para sa mga gumagamit kapag hindi sila makagamit ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan.	✓	✓	✓

Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro at mga Paglalarawan				
Serbisyong iniaalay ng Panrehiyong Sentro	Paglalarawan ng Serbisyo	Edad 0-3	Mga Serbisyo sa mga Bata	Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang
Mga Bahay ng Pangangalagang Pantahanan	Mga tahanan ng pangangalaga na nagkakaloob ng isang ligtas na lugar para manirahan ang mga gumagamit. Ang mga ito ay mga lisensiyadong tahanan na may 24-na-oras na mga sumusuportang tauhan. Maraming magkakaibang uri ng mga tahanan ng pangangalaga na sumusuporta sa mga natatanging pangangailangan ng bawat gumagamit. Ang ilan sa mga tahananang ito ay maaaring kasama ang: -Mga pangangailangan ng pangangalagang pang-asal -Mga tahanan ng pangangalaga sa mga bata at nasa hustong gulang -Mga pangangailangan ng pangangalaga ng nakatatanda -Mga pangangailangan ng pangangalagang medikal	✓	✓	✓
Mga Serbisyong Pagbibigay ng Pahinga – Loob-ng-Tahanan	Mga serbisyong ipinagkakaloob sa tahanan ng pamilya na nagbibigay sa tagabigay ng pag-aalaga o miyembro ng pamilya ng pahinga mula sa pang-araw-araw na mga pangangailangan ng pangangalaga ng gumagamit.	✓	✓	✓
Mga Serbisyong Panlipunan/Panlibangan at Di-Medikal na mga Terapiya	Ang mga panrehiyong sentro ay maaaring mag-alay ng iba't ibang mga paraan upang magkaroon ng mga pagkakataong panlibangan ang mga gumagamit at itaguyod ang kalusugan sa pamamagitan ng iba't ibang mga paraan. Ang ilan sa mga serbisyong ito ay maaaring kasama ang: -Pagkakampo -Mga Aktibidad na Panlipunan-Panlibangan -Natatanging Sining na Terapiya -Sayaw na Terapiya -Musikang Terapiya Simula noong Hulyo 1, 2009, ang mga serbisyong terapiya ay sinuspende. Ang isang pagkalibre ay maaaring igawad batay sa indibidwal.			
Pagpapasiya para sa Sarili	Mga opsyon sa programa na nagkakaloob sa gumagamit na mga bata at nasa hustong gulang ng kalayaan, kontrol, at responsibilidad sa pagpili ng mga programa at suporta upang tumulong na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.	✓	✓	✓

Mga Serbisyo ng Panrehiyong Sentro at mga Paglalarawan				
Serbisyong iniaalay ng Panrehiyong Sentro	Paglalarawan ng Serbisyo	Edad 0-3	Mga Serbisyo sa mga Bata	Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang
Natatanging Transportasyon	Ang mga panrehiyong sentro ay nag-aalay ng iba't ibang mga opsyon upang tulungan ang mga gumagamit na makapunta sa komunidad kapag hindi nila kayang gawin ito sa sarili nila. Ang ilan sa mga opsyon na ito ay maaaring kasama ang: -Transportasyon na binabayaran ng miyembro ng pamilya -Medikal na paghahatid -Di-medikal na transportasyon -Pampublikong transportasyon tulad ng taksi o bus ng lungsod	✓	✓	✓
Mga Serbisyo sa Pagsasalita	Mga serbisyong tumutulong sa mga gumagamit na pahusayin ang komunikasyon at mga kasanayan sa ginaganap na panlipunan.	✓	✓	✓
Mga Karagdagang Suporta sa Programa	Mga karagdagang tauhan na idinaragdag sa sistema ng suporta ng isang gumagamit kapag sila ay nasa krisis o nangangailangan ng mga karagdagang suporta upang patuloy na gumamit ng mga serbisyong tinatanggap nila. Ang mga serbisyong ito ay pangkaraniwang inilalagay nang pansamantala hanggang ang gumagamit ay hindi na nangangailangan. Ang mga suportang ito ay maaaring gamitin sa mga sumusunod na lugar: -Komunidad -Pang-araw na Programa -Pantahanan		✓	✓
Mga Serbisyong Sinusuportahang Pamumuhay	Mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga gumagamit na namumuhay mag-isa na nangangailangan ng 24-na-oras na suporta.			✓
Mga terapiya	Ang mga panrehiyong sentro ay maaaring magkaloob ng mga terapiya na ispesipiko sa mga natatanging pangangailangan ng mga gumagamit. Ang mga terapiya na ito ay maaaring kasama ang: -Pagpapayo -Pang-okupasyon na Terapiya -Pisikal na Terapiya -Terapiya sa Paghinga	✓	✓	✓
Mga Serbisyo ng Tagasalin/Interpreter	Mga serbisyo upang tulungan ang mga gumagamit at ang kanilang mga pamilya na makipag-ugnayan kapag nagsasalita sila ng isang wikang iba sa Ingles.	✓	✓	✓